

1

Masyadong tahimik. Iyon ang unang napansin ni Alexis Alegre pagpasok niya sa pintuan ng townhouse ng nobyong si Mike. Hindi naka-lock ang pinto at nakabukas ang ilaw sa sala kaya alam niyang nasa bahay ito. Pagkagaling niya ng opisina ay tumuloy na siya roon upang yayain itong manood ng sine. Alas siete pa lang gabi kaya makakahabol pa sila sa last full show.

“Mike,” tawag niya. Dati-rati sa ganoong oras ay nasa sala ito at nanonood ng basketball game sa TV.

Inilapag niya sa mesita ang dalang folders at handbag at saka ito hinanap sa buong bahay. Nang hindi makita sa kusina ay pumunta siya sa kuwarto nito. Pagtapat niya roon ay nakarinig siya ng mga kaluskos.

“Mike....” Sinabayan niya ng malalakas na katok ang pagtawag. “Si Alexis ito.”

Kumunot ang noo niya pagkarinig sa mga kaluskos na parang may nagmamadaling nagbibihis at parang may kausap ang nobyo!

“Mike!” Lumakas ang pagtawag at pagkatok niya.

Akmang bubuksan na niya ang pinto nang biglang lumabas ang mukhang ligalig na si Mike.

“Ano’ng ginagawa mo rito?” bungad nitong tanong.

“Anong klaseng tanong ’yan?” nagtataakang sabi niya. “Of course, narito ako para dalawin ka.”

Nakabalabal lang ito ng tuwalya at halatang nagmadali sa paglabas upang harapin siya. Kahit malamig ang gabi ay may mga butil ng pawis ang noo nito. Napansin din niya na namumutla ito at hindi rin makatingin nang deretso sa kanya.

“Are you ill?” tanong niya.

“No,” natatarantang sagot nito. Hinila siya nito palayo sa pinto ng kuwarto na parang may kinatatakutan. “H-hindi ka man lang tumawag bago pumunta rito.”

Hindi niya pinansin ang sinabi nito; nakapako ang kanyang buong atensyon sa pagmamasid sa hindi mapakaling nobyo. “Is there something wrong?”

“W-wala.”

Guilt ang nababasa niya sa mukha nito kaya biglang may nabuong suspetsa sa kanyang isip. “May itinatago ka sa ’kin,” matigas niyang sabi.

“Alexis!” Pinigilan siya nito nang akma siyang papasok sa kuwarto. “Pumunta na tayo sa sala.”

Lalo siyang nagsuspetsa. “Wait a minute.” Hinalbot niya ang kamay mula sa pagkakahawak nito at mabilis na binuksan ang pinto ng kuwarto. In full force ang woman’s instinct niya at may naaamoy siyang hindi kanais-nais.

“Alexis, please—” Hindi nito naituloy ang sasabihin nang mabuksan niya ang pinto at tumambad sa paningin niya ang isang babaeng nagbibihis doon.

Pakiramdam niya ay tinadyakan siya sa dibdib sa napakalinaw na pagtataksil ng nobyo. At lalo siyang hindi makapaniwala nang makilala niya ang babae. Ang stepsister niya!

“T-Trina?” *Diyos ko! Hindi po ito totoo!*

Nakangiting humarap sa kanya ang babae. Wala man lang mababanaag na pagkatakot o pagsisisi sa mukha nito. Kung iisipin, ngayon lang siya nakuhang ngitian nito, ngayong sinasaktan siya.

“Hi, Alexis!” masayang bati nito.

Ipinagpatuloy nito ang pagbibihis na parang ordinaryong eksena lamang iyon sa buhay nila. Kunsabagay ay normal lang dito ang gumawa ng

sitwasyon upang pasakitan ang loob niya pero iyon ang pinakamasakit sa lahat!

Walang pagkukunwari si Trina. Hindi ito nag-iiyak na kunwari ay na-seduce ni Mike o kaya ay humingi ng unawa dahil kunwari ay napamahal na ang lalaki rito. Talagang ipinamumukha ng babae na pinatulan nito ang nobyo niya para lamang saktan siya.

Ang lahat ng iyon ay pumasok sa isipan ni Alexis sa ilang iglap. Hindi siya magpapakababa upang mag-eskandalo sa bahay ni Mike pero sinunod niya ang urge na matagal na niyang gustong gawin.

Lumapit siya sa stepsister.

“Alexis,” natatarantang pigil ni Mike.

Hindi niya ito pinakinggan sapagkat nasisiyahan siya pagkakitang kinakabahan na rin si Trina. Hindi rin pala ito kalmante na tulad ng ipinapakita nito.

“There’s something that I’ve always wanted to do, Trina.” Umatras ang babae pero maagap niya itong pinigilan. Sinampal niya ito nang ubod ng lakas.

“Why you—” Gaganti rin sana ito ng sampal pero nasalo niya ang kamay nito. Sa galit na nasa puso niya ay nagkaroon siya ng kakaibang lakas.

“Bitch!” sigaw niya. “Magsama kayo ni Mike! Bagay na bagay kayo!”

Pagkasabi niyon ay nagmamadali siyang lumabas ng kuwarto.

“Alexis!” Hinabol siya ni Mike hanggang sa sala. “I didn’t mean to hurt you. Makinig ka sana sa ’kin.” Pinigilan siya nito nang bubuksan na niya ang front door.

“Bitiwan mo ako!” Nandidiri siya sa lalaki. Naglaho sa isang iglap ang lahat ng pagmamahal niya rito.

“Ikaw talaga ang mahal ko. What I did with Trina... it was a mistake.” Nagmamakaawa ang tinig nito.

“A mistake?” Tumawa siyang puno ng pag-uuyam. “Ni hindi ka lasing nang patulan mo siya. Wala kang excuse, Mike.”

“Tinukso lang niya ako—”

Sa unang pagkakataon ay nakapagmura siya sa sobrang galit. “You went to bed with my stepsister at sasabihin mong nagkamali ka lang? Sinaktan mo ako at malalaman mo na hindi ako madaling magpatawad.”

“Alexis—”

Pabalya niyang isinara ang pinto at saka nagmamadaling sumakay sa kotse. Pinaandar niya iyon palayo na parang hinahabol siya ng demonyo.

Nang makalayo siya ay itinigil niya ang kotse sa gilid ng daan. Hindi na niya maaninag ang kalsada sa mga luha na nag-uunahang pumatak sa kanyang pisngi.

“Akala ko ba ay pupuntahan mo si Mike at yayayain mong manood ng sine?” nagtataakang tanong ni Tita Barbara, ang mabait niyang stepmother at mama ni Trina.

“H-hindi ho natuloy,” sagot ni Alexis. Pagdating niya ng bahay nila sa Quezon City ay gusto na lamang niyang pumunta sa sariling kuwarto at magmukmok ngunit sinalubong siya ni Tita Barbara.

“Bakit hindi natuloy?” tanong nito.

Napayuko siya; parang gusto na naman niyang maiyak. Masasabi ba niya sa mama ni Trina na nahuli niya ang anak nito sa kuwarto ng kanyang nobyo? Napailing siya dahil alam niyang masasaktan si Tita Barbara kapag nalaman nito ang katotohanan.

Mahal niya ang kanyang stepmother dahil tinatrato siya nitong tunay na anak. Sa katauhan nito ay nakita niya ang pangalawang ina na nagmamahal at nag-aaruga sa kanila ng kanyang papa. Hindi niya ito kayang saktan.

“Excuse me, Tita. M-masakit lang kasi ang ulo ko.” Nagmamadali siyang umakyat papuntang kuwarto upang maiwasan ang iba pa nitong tanong.

“Alexis,” mahinang tawag nito, “nag-away ba kayo ni Mike?” Sumunod ito sa kanya hanggang sa silid. “Oh!” Nabigla ito pagkakitang namumugto ang mga mata niya. “Nag-away nga kayo ni Mike. Bakit hindi mo sabihin sa akin ang problema?”

Humiga siya sa kama, sabay tingin sa kawalan. Kung alam lang nito kung gaano kalaki ang problema niya. Hindi niya maipaliwanag ang sakit na parang nakapermanente na sa kanyang puso. Ipinagkanulo siya ng stepsister at ng nobyo na inaakala niyang nagmamahal sa kanya. Parang nawawalan na siya ng paniniwala sa katapatan ng tao.

Narinig niyang bumuntunghininga ang madrasta. “May ibang babae si Mike, hindi ba?”

Bumilis ang tahip ng kanyang dibdib. “P-paano n’yo nalaman?” tanong niya.

“Mukhang hindi mapagkakatiwalaan si Mike, Hija. Siya’yong tipong hindi magkakasya sa iisang babae.” Umupo ito sa kama niya. “I’m sorry kung nakakapagsalita ako ng masama—”

“It’s all right, Tita. Hindi ka naman nagkakamali sa akala mo sa kanya,” naiiyak niyang sagot.

“Sinaktan ka niya?”

Tumango siya. “Kakalimutan ko na lang siya. Bakit ko ba siya iiyakan?” Umupo siya sa kama at pinunasan ang kanyang mga luha. “He’s not worth my tears!”

Bahagya itong natawa. “Marami pang lalaki sa mundo. Hindi mo pa nga lang nakikilala ang lalaking magmamahal sa ’yo at mamahalin mo nang lubusan.”

“Katulad ng pagmamahal mo kay Papa?” tanong niya.

Tumango ito at saka hinaplos ang makinis niyang mukha. “Darating ang araw na makikilala mo siya at makakasiguro kang siya na ang lalaking pakakasalan mo, na pakikisamahan mo habang-buhay.”

“Tita, you’re an incurable romantic!” Gumagaan na ang loob niya sa mga sinasabi nito.

“Hindi ka naniniwala sa akin?” napapangiting

tanong nito.

“I’m afraid not,” sagot niya. “Sa ngayon ay ayoko munang makakita ng mga kalahi ni Mike.”

Tuluyan nang kumawala ang malululong na tawa ni Tita Barbara kaya nahawa na rin siya.

“Alexis, pagkalipas ng ilang buwan ay maiisip mong nagsayang ka ng luha sa isang walang kuwentang lalaki. Ang advice ko sa ’yo ay maligo ka, kumain nang marami at matulog nang mahimbing. Magigising ka na lang kinabukasan na limot mo na ang lahat ng ginawa sa ’yo ng Mike na ’yan.”

Kahit hindi pa niya ginagawa ang sinasabi nito ay gumaganda na ang kanyang pakiramdam. Alam na alam nito kung paano siya pasayahin at sa isipang iyon ay bigla niya itong niyakap. May mga taong nagmamahal sa kanya, naisip niya, at isa na rito ang madrasta. “Salamat, Tita.”

Mamasa-masa rin sa luha ang mga mata nito. “Para saan?”

“For being here,” nakangiti niyang sagot. “For loving me like your own child.”

Tinapik nito ang balikat niya. “Salamat rin, Alexis.”

“Para saan?”

“For accepting me as a mother,” sagot nito.

Hinalikan niya ito sa pisngi at upang maiwasan na ang tuluyang maiyak ay iniba niya ang usapan. “Tell me, Tita, paano mo malalamang nakilala mo na ang lalaking mamahalin mo habang-buhay?”

“Para kang tinamaan ng kidlat,” sagot nito.

“Talaga!” Pinigilan niyang matawa ang sa deskripsyon nito. “Kung ganoon ay tinamaan ka na pala ng totoong kidlat para maikumpara mo dito ang love at first sight?”

“Alexis!” napipikong saway nito. “Hindi ganyan ang ibig kong sabihin.”

“Eh, ano?”

“Noong makilala ko ang papa mo’y hindi ako nag-alangang siya na ang lalaking mamahalin ko. I felt so alive and happy kapag kasama ko siya at kapag magkalayo kami’y para akong nauubusan ng hininga.”

Naiiling na pinagmasdan niya ito. “I doubt kung mararanasan ko ang nangyari sa inyo ni Papa.”

“Huwag kang magsalita ng tapos, Hija,”

pagsermon nito. “Makikita mo rin ang grand romance na sinasabi ko. Kapag nagkatotoo ang hula ko, I want to be the first one to know about it,” utos nito.

“Okay.” Nangingiti pa rin siya.

Bahagyang isinara ni Trina ang pinto ng kuwarto ni Alexis. Narinig niya ang masayang pag-uusap ng kanyang mama at ng stepsister pagdating niya mula sa townhouse ni Mike.

Pumasok siya sa sariling kuwarto at ibinabalibag ang dalang shoulder bag sa kama sa sobrang inis. Bakit ba kahit ano ang gawin niyang pagsira sa buhay ni Alexis ay ito pa rin ang maligaya sa bandang huli? Inagaw niya ang nobyo ng stepsister upang pasakitin ang kalooban nito pero nang dumating siya ng bahay ay tumatawa ito na parang hindi man lang apektado sa kanyang ginawa.

Nagtagis ang mga bagang niya sa galit. Kinamumuhian niya ang stepsister dahil inaagaw nito ang pagmamahal ng ina na dapat ay para lang sa kanya!

Na kay Alexis na ang lahat—ang pagmamahal ng mama niya at kayamanan ng papa nito samantalang

siya ay wala kahit isa. Namatay ang ama niya na walang naiwan kundi mga utang at sama ng loob sa kanilang mag-ina. Naging maramot sa kanya ang kapalaran dahil lahat ng suwerte ay napunta kay Alexis at lahat ng kamalasan ay sa kanya. Tama lamang na pasakitan niya ito, hindi ba? Makatarungan lamang na maging patas sila.

Umupo siya sa harap ng salamin at pinagmasdan ang sarili. Ang kagandahan lang niya ang tanging maipagmamalaki kaya niya mabilis na naakit si Mike—ang kawawa at tangang si Mike. May sumilay na mapait na ngiti sa kanyang mukha. Mabait pa rin sa kanya ang tadhana dahil pinagbibigyan siya nito. Pero hindi pa siya kontento. May iba pang paraan para saktan si Alexis.

“May ibang araw ka pa,” bulong niya sa sarili.

May ibang araw pa siya upang makaganti sa sampal na dumapo sa pisngi mula sa kinamumuhiang stepsister!

2

“Malaking insulto ito sa akin,” naiinis na sabi ni Alexis habang ipinagpapatuloy ang pagbasa ng nilalaman ng folder na ibinigay ng personal secretary at best friend na si Aggie. Magdamag siyang hindi nakatulog sa sama ng loob sa ginawang pagtataksil ni Mike at sinalubong pa siya ng bad news patungkol sa Laguna project ng kompanya nila. “Sino ang nagpabigay nito?” kunot-noong tanong niya.

“Iyong executive assistant na si Raymond,” sagot ni Aggie.

“That bastard!” naibulong niya sa sarili. “Maaaring pinagtatawanan na niya ako behind my back dahil alam niya na lahat ng mga suggestions ko sa board meeting ay binale-wala.” Magmula nang mabasted niya si Raymond ay parang naging crusade na nito ang ipahiya siya sa lahat ng pagkakataon! Madalas siya nitong barahin sa meetings kaya hindi siya magtataka kung ikalat nito sa buong kompanya ang pagbabale-wala sa kanya.

“Ano ngayon ang gagawin mo?”

“Ipaglalaban ko ang stand ko! Hindi ako sang-

ayon sa kabuuan ng project na ito,” sagot niya pagkabasa sa kabuuan ng report. “Alam ng Board of Directors ang posisyon ko sa pagpuputol ng mga matandang puno sa lupaing ’yon. I don’t want the trees cut.”

“Pero outnumbered ka nila. We can’t do anything about it,” practical na tugon ng sekretarya.

Ibinagsak niya ang folder sa mesa. “Kailangang isipin natin ang long-term effects. Kung pulos profit-oriented ang thrust ng kompanya ay wala ring saysay ang lahat!” Tumayo siya at nagmamadaling lumabas ng silid.

“Saan ka pupunta?” naalarmang tanong nito.

“Sa opisina ni Papa,” maikling paliwanag niya. Nagmamadali siyang sumakay sa elevator upang umakyat sa top floor kung saan naroon ang private office ni Don Serafin Alegre. Ito ang presidente ng kompanya kaya makakahingi siya ng tulong dito kung kinakailangan.

Hindi niya kailangang mag-hesitate sa paggamit ng posisyon ng kanyang ama para matupad ang kagustuhan niya. Unahin niyang isipin ang magiging magandang resulta ng kanyang ideya. Hindi siya maaaring pigilin isang grupo ng old-fashioned at

chauvinistic na Board of Directors!

Isa siya sa major stockholders kaya sa tingin niya ay may karapatan siyang magdikta ng anumang reasonable demands na makakabuti sa *Tri-Star Company*. Sa nabasa niyang report ay na-realize niyang binabale-wala siya ng Board of Directors na hindi handang makinig sa suhestyon ng isang hamak na babae. Dahil lalaki sila!

Lahat ng mahahalagang sinabi niya sa board meeting tungkol sa pagiging environment-friendly at pro-people ng kompanya ay dumangang parang hangin sa mga ito. Hindi niya kinagat ang excuses ng mga ito sa board meeting na kesyo hindi practical na i-retain ang matatandang puno at batis na nasa loob ng property, na matatagalan ang land development kapag ginawa iyon.

Ni isa ay wala siyang pinaniwalaan sa paliwanag ng mga ito dahil malinaw na lumalabas ang tunay na mensahe—she is just a girl who dare invade a man's territory. And she is going to pay dearly for that.

Sa isipang iyon ay lalong uminit ang kanyang ulo. Pagdating sa top floor ay inihanda na niya ang sariling makipagtalo sa ama at hindi siya titigil hangga't hindi siya nananalo!

“Alexis,” nakangiting bati ng sekretarya ni Don Serafin pagbungad niya sa opisina.

“Nariyan ba si Papa?” tanong niya.

“Yes, but he’s with someone—”

Tuluy-tuloy siya sa private office ni Don Serafin at hindi pinansin ang karagdagang sasabihin ng sekretarya. Masyadong mahalaga ang pag-uusapan nila ng ama kaya hindi na siya makakapaghintay pa.

Pagpasok niya ay tumayo siya sa harap ng mesa ng nabiglang ama at saka itinungkod ang mga kamay sa mesa nito. “Papa, alam kong na-finalize na ang Laguna project. Bakit hindi mo man lang ako sinabihan sa magiging plano?” sumbat niya rito.

“Nabasa mo na kung gan’on—”

Hindi niya ito pinatapos. “Yes, Pa. Nabasa ko na ang plano at hindi ako sumasang-ayon doon!” Bumabalik na naman sa full force ang pagkainis niya. “I’ve seen the maps. Walang nakikinig sa mga ideya ko even if they have merit! O ayaw lang nilang makinig sa ’kin dahil ako lang ang babae sa board?”

“Hija, calm down. Masyado kang high-blood,” natatawang sabi ni Don Serafin. “Maupo ka’t pag-uusapan natin nang mahinahon ito.”

“Bakit pa?” Sinuntok pa niya ang mesa sa nadaramang frustration. Kung minsan ay naiinis din siya sa kanyang papa dahil hindi nito alam kung kailan siya seryoso. May mga bagay siyang ipinaglalaman na nakukuha pa ring pagtawanan nito. “Tinanggap ko nang i-reject ang proposal ko noon sa Olympia project dahil alam ko na may katuwiran sila pero not in this case,” pahayag niya. “This time I know I’m right and I will stand by what I believe in.”

“Hija, maupo ka muna,” kalmanteng utos ng ama. Nakangiti ito na parang na-amuse sa pagkainis niya.

“Did you hear me, Pa?” exasperated niyang tanong. “Hindi mo man lang yata naintindihan ang sinasabi ko,” nagdaramdam niyang sabi.

“I heard you, Hija.” Natatawa pa rin ito. “As a matter of fact, we heard you clearly and audibly,” dagdag nito. Tumingin ito sa isang sulok ng opisina at saka nagsalita. “Narinig natin siya, hindi ba, Darwin?” tanong nito sa lalaking nakatayo sa tabi ng bintana.

“I’m afraid so,” nakangiting sagot ng baritonong boses.

Lumignon si Alexis sa pinanggalingan ng tinig at nang makita ang naa-amuse na lalaki sa isang sulok

ay tiningnan niya ang ama sa nang-uusig na mga mata.

“Teka, Hija.” Kunwari ay napaatras pa ang don na parang natatakot. “Hindi mo naman ako binigyan ng chance na sabihing may kasama tayo.”

Noon lang siya napahiya nang ganoon! Kung maaari lamang ay lumubog siya sa carpet na kinatatayuan sa sobrang pagkapahiya. Naramdaman niya ang pagkalat ng init mula sa kanyang mukha papunta sa leeg at tainga. Kung anu-ano ang pinagsasabi niya sa ama sa pag-aakalang nag-iisa ito. May iba na palang nakakarinig sa reklamo niya!

“I think you’ve embarrassed her, Darwin,” ani Don Serafin. Tumayo ito at inakbayan ang natitigilang dalaga. “Kailangan ko pa bang ipakilala sa ’yo ang anak ko?”

Bahagyang natawa ang binata. “There’s no need for a formal introduction.” Nakangiti ang mga mata nito habang pinagmamasdan ang namumulang dalaga. “I believe siya ang madalas mong maibida sa aking hot-tempered na si Alexis Alegre.” Lumapit ito sa kanya at saka iniabot ang kanang kamay. “Kumusta ka, Alexis?”

“M-mabuti.” Iyon lang ang nasabi niya. God!

Kahit kailan ay hindi pa siya nabubulol pero bakit hindi siya makapagsalita ngayon? Ito na ba ang sinasabi ni Tita Barbara na love at first sight? Hindi makapag-isip at makapagsalita, parang nawala sa sarili? Kung iyon ang grand romance ay hindi pala niya magugustuhan dahil wala siyang kontrol sa kanyang damdamin!

“Alexis....” Siniko siya ng ama nang hindi niya inabot ang naka-offer na kamay ni Darwin.

“Oh! I’m sorry.” Natauhan na kaagad niyang kinamayan ang binata. “How do you do, Mr...”

“Darwin, Darwin Carvajal,” pagpapakilala nito.

Darwin Carvajal. Napakaeleganteng pangalan, naisip niya. Katulad ng pagdadala nito sa kaswal na pananamit at sa sarili. Kahit siguro mapuno ito ng grasa sa pagkukumpuni ng kotse o kaya ay mabasa sa ulan ay hindi pa rin mawawala ang elegance nito. Hindi lang sa mamahaling kasuotan nito nakukuha ang kakisigan kundi pati na rin sa katalinuhang masasalamín sa mga mata at sa confidence sa bawat kilos nito.

Mas matangkad pa ito sa papa niya gayong maituturing nang matangkad si Don Serafin. Ang mukha nito ay parang inukit ng isang sculptor—mula

sa mataas na cheekbones, sensual lips, matangos na ilong hanggang sa nangungusap na mga mata. Naging added factor pa ang pagiging moreno nito at pagkakaroon ng matipunong pangangatawan. In short, lalaking-lalaki si Darwin Carvajal at sa kanyang pakiwari ay nakakalimutan na niya ang taksil na si Mike pagkakita rito!

Bigla siyang na-conscious pagkakitang hawak pa rin ni Darwin ang kanang kamay niya. “Ah, Mr. Carvajal—” Hinila niya ang kamay mula sa pagkakahawak nito.

“Darwin. Just call me Darwin,” sabi nito. “I’m sure magkakasama tayo nang matagal.” Hindi pa rin nito binitawan ang kamay niya.

“Yes, of course.”

Narinig niyang pumalatak ang papa niya. “Darwin, baka naman gusto mo nang bitawan ang kamay ng anak ko?” natatawang tanong nito.

Naramdaman niya ang pagpisil nito sa kanyang kamay bago nito tuluyang binitawan iyon. Nakahinga siya nang maluwag nang makalayo siya nang kaunti rito; para siyang nasasakal sa presence nito.

“Tungkol sa Laguna project, Hija,” pagpapaalala ni Don Serafin sa kanya.

Pati ang sadya niya roon ay halos hindi na rin niya matandaan! Apektado siya sa presence ng bisita ng ama at sa kanyang palagay ay alam nito iyon.

“Alexis, you were discussing—”

“Yes, Papa. Hindi ko nakakalimutan,” matigas niyang putol. Bakit ba hindi niya nagugustuhan ang pagkakangiti ng ama? Para itong lihim na nambubuwisit; parang alam nito na sandali siyang nakalimot sa sarili at nakalimutan ang sadya. “Saka na lang kaya tayo mag-usap, Papa. Hindi ko kasi alam na busy ka nang dumating ako.” Iniwasan niyang tumitig kay Darwin ngunit nararamdaman niyang nakatingin ito sa kanya.

“Actually, tapos na kami ni Darwin nang sumugod ka... I mean, nang dumating ka rito.”

Hindi man niya tingnan sa salamin ang mukha ay alam niyang namula ulit siya. Kailangang pa bang ipaalala ng don ang ginawa niyang grand entrance? “Nevertheless, I prefer to discuss it over with you kapag talagang tapos na kayo sa inyong pag-uusap,” pamimilit niya.

“Hindi ka dapat mahiya kay Darwin, Hija. Malaki na ngayon ang kinalaman niya sa kompanya dahil nabili niya ang fifteen percent shares ni Benigno.”

“Ibinenta na ni Mr. Roxas ang shares niya?” nabiglang tanong niya. Ang buong akala niya ay ipapamana ni Mr. Roxas ang shares sa anak nitong nasa ibang bansa.

“Pumunta na sa abroad si Benigno at doon na sila maninirahan ng anak niya for good,” pagpapaliwanag ni Don Serafin.

Tumango siya. “Kung gan’on ay may karapatan si Darwin na malaman ang nangyayari rito.” Businesslike na ang boses niya. “Tungkol ito sa proposal ko sa board....” Kalmante niyang ipinaliwanag ang kanyang side sa tumatangu-tangong si Don Serafin at sa tahimik na si Darwin. “Bias sila sa ’kin, Papa!” Lumitaw na puno ng hinanakit ang huli niyang pangungusap.

“Hayaan mo, Hija, at kakausapin ko sila tungkol sa attitude nila sa ’yo,” pang-aalo ng matanda.

“Papa!” Uminit na naman ang ulo niya. Hindi ba nito naiintindihan ang sinasabi niya? Nakadama siya ng frustration. “Wala akong pakialam sa attitude nila sa akin. Narito ako dahil ni-reject nila ang proposals ko na sa aking palagay ay makakabuti sa kompanya. I don’t care about their damned attitude! Trabaho lang ang pinag-uusapan rito!”

Sumandal si Don Serafin sa swivel chair at saka bumuntunghininga. Kung minsan ay nakikita niya ang anino ng yumaong asawa sa katauhan ng anak. Mabilis uminit ang ulo, stubborn kapag alam nitong nasa tama ito, mabait at mapagmahal sa mga taong malapit dito.

Hindi siya nagkamali nang ibigay niya ang kalahati ng kanyang shares kay Alexis dahil kayang-kaya nitong hawakan ang responsibilidad nito. Nasisiyahan siya dahil namana nito ang business sense niya.

Dumako ang tingin ni Don Serafin kay Darwin na hanggang sa sandaling iyon ay hindi maialis ang titig sa magandang anak. “Ano’ng masasabi mo rito, Darwin?”

“May merit ang sinasabi ni Alexis,” sagot nito. “I can help her.”

Nanlaki ang magagandang mata ng dalaga. “Are you serious?” Gustong lumundag ng puso niya sa tuwa dahil hindi pa man sila lubusang magkakilala ng binata ay nagtitiwala na ito sa kanya.

“Tama si Darwin, Hija. Malaki ang maitutulong niya,” sabad ng don.

Tumango siya. “Kung tatlo tayong magtutulungan

ay outvoted na sila sa atin.” Puno ng pasasalamat ang titig niya sa binata. Kung kaibigan lamang niya ito ay niyakap na niya ito sa tuwa! “Thank you, Darwin. Hindi mo lang alam kung gaano kahalaga sa akin ang tulong mo.”

Tinapik nito ang baba niya na parang isang affectionate gesture ng matanda sa isang bata. “I have faith in you,” mahina nitong sabi.

“Salamat,” nakangiti niyang sagot. *I’m in love, Tita Barbara. Ngayon ay naiintindihan ko na ang sinasabi mong kidlat dahil tinamaan na ako.*

Napapangiti si Don Serafin habang pinagmasdan ang dalawa. Noon lang niya ulit nakitang nagkaroon ng interes ang pihikang anak sa lalaki magmula nang makipaghiwalay ito kay Mike. Masasabi rin niya na mutual ang attraction dahil hindi matanggal ni Darwin ang mga mata sa dalaga!

“Lunchtime na pala,” sabad ng don sa dalawa.

Magkasabay na natauhan sina Alexis at Darwin at magkasabay rin na tumingin sa kani-kanyang wristwatch.

“Hindi ko namamalayang lumilipas na pala ang oras!” bulalas niya. Ibinaling niya ang atensyon sa nakangiting ama. “Hindi ba’t sabay tayong uuwi for

lunch, Papa?”

Tumango ito. “Sumabay ka nang kumain sa amin, Darwin. Masarap magluto ang misis ko.”

Pigil ang hiningang hinintay ni Alexis ang pagtanggap nito dahil nais niya itong makausap at makilala nang lubusan.

“I’m afraid I can’t accept your invitation kahit na gustong-gusto ko.” Halatang nanghihinayang din ito habang direktang nakatitig sa kanya.

Na-disappoint siya ngunit pinilit niya iyong itago. “P-perhaps, some other time.”

“Come on, Hijo! Hindi mo ba maaaring ipagpaliban ang appointment na ’yan?” Mas vocal si Don Serafin sa disappointment nito.

“Papa!” Kung umasta ang papa niya ay parang may karapatan itong mangdikta sa buhay ng binata! “Nakakahiya kay Darwin.”

Bahagyang natawa si Darwin. “Kung maaari lang ay ipo-postpone ko na ang lunch date kay Belinda kaya lang ay magagalit na siya kapag hindi ko pa sinipot. Ilang beses na kasi akong nag-cancel ng dinner date ko sa kanya.”

Belinda? Hindi napigilan ni Alexis ang

panibughong umusbong sa puso niya para sa hindi nakikilalang babae. “Let’s go, Papa,” matigas niyang sabi. “Mag-lunch na tayo kung magla-lunch.” Kung nang makilala si Darwin ay lumiwanag ang kanyang araw, ngayon ay nasira na ang mood niya.

Nagkasabay silang tatlo sa paglabas papunta sa parking lot. Hindi na niya muling kinausap ang binata. Ayaw niyang makita nito na masama ang kanyang loob dahil wala naman siya sa lugar para magselos.

“Alexis,” mahinang tawag nito nang sasakay na lamang sila ni Don Serafin sa *Mercedes Benz*.

“Yes?”

“I’ll be calling you,” nakangiti nitong pangako. “O kaya ay pupuntahan na lang kita sa bahay n’yo.”

Tumango lang siya at saka na tuluyang sumakay sa kotse. Hindi pa rin siya napasaya ng pangako nito. Para saan pa ba ang pakikitungo niya rito kung ituturing lang siya nitong kaibigan?

“He’s a nice guy,” komento ni Don Serafin habang tinatahak na ng kotse ang daan pauwi ng bahay nila. “Mabuti at mukhang magkakasundo kayo.”

Napatingin siya sa ama at nakitang napapangiti

ito na parang may lihim na tinatawanan. “Pa, why do I have this strange feeling that you’re laughing at me?” naiinis niyang tanong.

Bahagya itong natawa. “Masaya ka ba, Hija?” balik-tanong nito.

Kumunot ang noo niya sa pag-iiba nito ng usapan. “Ano ba namang tanong ’yan?”

“Are you happy?” pangungulit nito.

Inakala ni Alexis na ang tinutukoy ng ama ay ang mga proposal niya sa Laguna project. Tumingin siya sa dinaanang matataas na building. “Yes, Pa. I’m happy.”

“I’m glad,” sagot nito.

Masaya nga ba siya? Pakiramdam niya ay miserable siya dahil parang napakalaki na ang kinalaman ni Darwin sa kanyang buhay. Hindi niya maintindihan ang sarili.

“Hija,” tawag ni Don Serafin.

“Yes, Pa?”

Pagharap nito sa kanya ay nakangiti na talaga ito. “Nasabi ko bang kapatid ni Darwin si Belinda?” painosenteng tanong nito.

3

“What’s that silly grin for, Darwin?” takang tanong ni Belinda. “You look foolish,” dagdag nitong insulto.

Lumawak ang pagkakangiti ng binata at hindi pinansin ang pang-iinsulto ng nakatatandang kapatid. May malaking dahilan sa kasiyahan niya kaya kahit ano ang sabihin nito ay hindi mahalaga.

“Ako na ba ang bahalang um-order para sa ’yo?” tanong niya. Nasa loob sila ng isang restaurant sa Makati at kasalukuyang kinukuha ng waiter ang order nila.

“Bahala ka na. Alam mo naman ang preference ko,” naiinis na sagot nito.

Kung gaano kasaya ni Darwin ay kabaligtaran naman ng pakiramdam ni Belinda. Iyon ang dahilan kung bakit sila nagkita ng kapatid sa labas. May problema si Belinda at ang kapatid hihingan nito ng advice. At alam na niya kung tungkol saan ang problema nito—marital problem.

“Nag-away na naman kayo ni Butch?” tanong niya pagkaalis ng waiter.

“Mas inuuna pa niya ang golf niya kaysa sa akin,” himutok nito. “Weekend nga lang kaming magkakasama dahil pareho kaming busy sa negosyo sa weekdays pagkatapos—” Hindi na nito naituloy ang sinasabi dahil bigla itong napaiyak.

“Belinda!” Tinapik niya ang nakalapag na kamay nito sa mesa. Noon lang niya nakitang umiyak ang matigas ang loob na kapatid kaya nakaramdam siya ng pagkabahala.

“H-hindi na yata niya ako... mahal,” humihikbing dagdag nito. “Nagbago... na siya sa... akin.”

“Kinausap mo ba siya tungkol sa nadarama mo?” kunot-noong tanong niya.

“Paano? Halos hindi na nga kami magkita!”

Naiiling na napasandal siya sa upuan, sabay buntunghininga. Malaki nga ang problema ng kapatid niya sa asawa. Alam niya kung gaano katatag si Belinda, kung gaano ito ka-independent pero kapag umiiyak at humihingi na ito ng tulong ay alam niyang seryoso na ang sitwasyon. “Kakausapin ko si Butch—”

“Don’t do that,” sabad nito. “Sinisabi ko lang sa ’yo ang problema ko para mabigyan mo ako ng advice. Ako na lang ang kakausap sa asawa ko.”

“Butch is my friend, Sis. Masasabi ko sa kanya at maipapaliwanag—”

“Darwin, please. I can handle this problem. Gusto ko lang malaman kung ano ang dapat kong gawin.”

“Okay.” Bumuntunghininga ulit siya. “Nagkakamali ka sa pag-aakalang hindi ka na mahal ng asawa mo. Masyado lang siyang preoccupied sa mga ginagawa niya kaya nailalagay niya sa background ang lahat, pati na ikaw. Kaibigan ko na si Butch mula sa pagkabata kaya alam ko na ganyan talaga ang ugali niya. Mas mabuti siguro kung intindihin mo na lang siya—”

“Ano ang gusto mong gawin ko?” sabad nito “Magpakamartir—”

“Belinda,” exasperated na putol niya, “could you please let me finish talking bago ka sumabad?” Natatawa na siya dahil kahit may asawa na ang kapatid ay hindi pa rin nagbabago ang ugali nitong sumasabad sa mid-sentence ng kausap.

“Sorry.” Napapangiti na rin ito.

“What I am saying is that you try to understand him. Dapat ay matuto kang maglaro ng golf—”

“I hate golf!”

Nangungunsumi na siya. “You should love golf kung gusto mong mapamahal ka kay Butch.”

“This is ridiculous!”

“Mahal mo ang asawa mo, hindi ba?” tanong niya.

Tumango ito.

“And you want to stay married?”

“Of course!”

“Then learn to play golf,” napapagod na sabi niya. Kung minsan ay parang mas matanda siya kay Belinda dahil asal-bata pa rin ito. Masyado itong stubborn at independent pero may pagka-childish paminsan-minsan.

“Wala na bang ibang paraan para mapalapit ako sa asawa ko?”

“Ano ba ang ibang pastime niya?”

“Sabong.” Nagsisimula na naman itong mainis. “Mas mahal pa yata nito ang mga manok niya kaysa sa akin!”

Bahagya siyang natawa. “I have a brilliant idea para siguradong mapapansin ka ni Butch.” Pinigilan niya ang pumalatak sa tinatakbo ng isip niya. “Puwede

kang maging Kristo sa sabungan!”

“Ano’ng pinagsasabi mo? Anong Kristo sa sabungan?”

Total bewilderment ang nasa mukha ng kapatid kaya hindi na napigil ni Darwin ang matawa nang malakas. Isipin lamang niya ang sosyal na kapatid na Kristo sa sabungan, na nagtatawag ng mga taong pupusta sa isang manok ay humahagalpak na naman siya sa katatawa.

“Darwin!” Namumula ito sa pagkapahiya dahil pinagtitinginan na sila ng mga tao. “Hindi ako natatawa sa sinasabi mo. Napakaseryoso ng usapan natin pero hinahaluan mo pa ng silly jokes mo,” mariing bulong nito. “You look foolish.”

Pinilit niyang magseryoso nang makitang malapit na naman itong maiyak. “Hayaan mo, Sis, dadalhin kita minsan sa sabungan para malaman mo kung ano ang Kristo.” Nangingiti pa rin siya.

Natigil ang pag-uusap nila sa pagdating ng waiter na dala ang kanilang mga order. Pagkaalis nito ay muling nagsalita si Belinda. “I think nagkamali ako ng paglapit sa ’yo,” galit nitong sabi. “You think this is all a big joke!”

“I just wanted to make you laugh.” Nagsimula

na siyang kumain. “Seriously speaking, may halaga ang mga sinabi ko sa ’yo. Kung magpapakita ka ng interes sa mga ginagawa ni Butch ay magkakasundo kayo. Kung ayaw mo ng golf at sabong, there is always fishing. Mahilig mangisda si Butch.”

Nanlaki ang mga mata nito. “Are you crazy? I don’t even eat fish pagkatapos ay—”

“Okay, okay. Your marriage is doomed from the beginning kung ganoon,” naiiling niyang sabad. “Belinda, extrovert si Butch kaya ikaw dapat ang gumawa ng paraan para mapalapit ka sa kanya. He loves you, you know.”

“How do you know?”

“Pinakasalan ka niya. Ang sabi niya sa akin, ang babaeng pakakasalan niya ay ang babaeng mamahalin niya habambuhay.”

“S-sinabi niya ’yon?” Nagniningning ang mga mata nito sa sinabi niya.

Tumango siya. “He said that bago ka niya ligawan.”

“H-hindi ko alam.” Naiyak ito sa kaligayahan. “He never says he loves me kaya ang akala ko’y wala siyang pagtingin sa akin.”

“Maaaring hindi mo siya nabigyan ng pagkakataon para masabi niya sa ‘yo,” sagot niya.

Sa wakas ay ngumiti ito nang matamis. “Sa palagay ko’y may alam ka na nga sa pag-ibig,” tukso nito.

“I’m in love, Sis.”

Tumaas ang isang kilay nito. “In love na nga ba ang playboy kong kapatid?” Ito naman ang natatawa. “Sino naman ang malas na babae?”

“She’s the most beautiful girl I’ve ever laid eyes on!”

“Talaga?” pambubuwisit pa rin nito. “Hanggang kailan naman kaya ito tatagal? Your last interest lasted only for a week, right?”

“This time it’s for real. Kapag nakita mo siya’y siguradong magugustuhan mo siya.”

Pumalatak ito. “You always say that pero hindi naman nagkakatotoo. Sino ba ang girl na ito?”

Hindi siya sumagot.

“Darwin!”

“Mas mabuti kung hindi na lang ako magkukuwento kung tatawanan mo lang ako,” matigas niyang tugon.

Nanlaki ang mga mata ni Belinda. “Wow! Seryoso na ngang talaga ang kapatid ko!” natutuwang sabi nito. “Hindi na kita pagtatawanan basta’t magkuwento ka tungkol sa kanya.”

Hindi siya kaagad nakapagsalita. Papaano ba niyang mailalarawan si Alexis? Masasabi ba niya na maganda at matalino ito kaya siya na-attract dito? Napailing siya dahil hindi kasya ang mga salita upang mailarawan ang dalaga.

“Darwin?” naiinip na untag ng kapatid.

“Let’s just say that she’s different,” simpleng sagot niya.

“What do you mean?” naguguluhang tanong nito.

Bumuntunghininga siya. “Minsan, dadalhin ko siya sa bahay upang makilala mo at doon mo malalaman na kakaiba siya.” Nakita niyang kumunot ang noo ng kaharap na parang nagsususpetsa.

“Hindi ito ’yong mga new-age girl na may nose ring at vegetarian, ha?” kinakabahang tanong nito.

Natawa siya. “Hindi ko alam kung vegetarian siya pero wala naman akong nakitang nose ring na suot niya,” biro niya.

“Ipapakilala mo siya kina Mama at Papa?”

“Yes.”

“I think you’re really serious.” Sumandal ito sa upuan at pinagmasdan siya. “Ngayon mo malalaman na mahirap ang magmahal, dear brother.” Nangingiti na rin ito. “Kailan mo siya dadalhin sa bahay?”

“Kapag nakumbinsi ko siyang husband material ako,” sagot niya.

Nagulat siya nang tumawa nang tumawa si Belinda; hindi nito pansin ang mga taong napapatingin sa kanila.

“Sa palagay ko’y mahihirapan ka sa parteng ’yan,” sagot nito.

“D’yan ka nagkakamali.”

“Kung talagang matalino ang babaeng sinasabi mo ay magdadalawang-isip muna siya bago ka patulan,” buska nito.

Kunwari ay sumama ang loob niya sa sinabi ng kapatid. “You make me sound like a jerk!”

Napailing ito. “Chickboy ka, Darwin. Hindi ba’t may kasabihan na once a chickboy, always a chickboy?”

Tell Me You Love Me - Bea Bautista

Pumalatak siya. “At may kasabihan rin na reformed rakes make good husbands.”